

PROLOGUE

Nangingilid ang luha sa mga mata ni Lucy, ngunit hindi niya pinansin iyon. Noon ay nasa airport na siya, kasama niyang nakaupo sa hilera ng mga silya ang mga pasaherong naghihintay ng oras ng flight.

Buo na ang desisyon niyang lumayo noong isang linggo pa, pero hindi niya akalain na magiging ganito pa rin kahapdi ang sakit na mararamdaman niya sa dibdib. Parang napakaraming bubog ang nakatarak sa kanyang puso nang mga sandaling iyon.

At isang mukha ang paulit-ulit niyang nakikita sa diwa. Ang mukha ng lalaking nagturo sa kanya na magmahal nang higit sa kanyang sarili, masuklam nang hanggang langit... at magpatawad.

Si Jake Cervantes. ito ang may-ari ng *J & J Bakery and Café* sa San Rafael. Ilang buwan siyang nagtrabaho roon pagkatapos niyang iwan ang dating trabaho sa Maynila bilang marketing associate dahil hindi na niya kaya ang mga palipad-hangin ng may-asawa na niyang boss.

Sa unang pagtatama pa lamang ng mga mata nila ni Jake ay nahulaan na niyang magiging espesyal ito

sa kanya. Only, he didn't believe in serious relationship and commitment...

"I like you, Lucy. In fact, this attraction is strong. Pero tatapatin kita, I'm not into relationship. Ang mga affairs ko, walang halong emosyon. Now, if you want a short-lived affair, I'd love it too," derechang saad ng binata sa walang emosyong tono. Ilang segundo siyang tila ipinako sa puwesto niya.

Sa ilang araw na nakasama niya ito ay inakala niyang espesyal din siya rito. Napakababaw lamang pala ng damdamin nito sa kanya.

"Lovers on the physical aspect," pagdidiin pa nito, tila nais siyang bigyan ng pagkakataong kalimutan na lamang ang pagtingin niya rito dahil hindi kailanman lalalim ang ugnayan nila sa hinaharap.

Saglit siyang iniwan ni Jake. Nang magbalik ay may dala na itong dalawang kopita na parehong may lamang alak. Ibinigay nito sa kanya ang isa. Tahimik silang pareho nang magkasunod na dalhin sa labi ang mga inumin.

Mayamaya ay binitawan nito ang kopita at nilapitan siya. Hinapit siya nito sa baywang at tinitigan siya nang malapitan. Nalilito siya pero hindi niya nais kumawala sa mga bisig nito.

“Just push me if you’re against this,” anas nito bago siya siniil ng mapusok na halik sa labi. Siguro nga ay tanga siya. Dahil sa halip na itulak ito ay natagpuan ni Lucy ang sariling tumutugon at yumayakap dito.

Iyon ang unang gabi na may namagitan sa kanila. Naulit pa iyon nang ilang beses. Mulat man siya sa katotohanang ginagamit lamang siya nito ay hindi pa rin niya magawang lumayo rito. She realized she was blindly and madly in love with him already.

Nang gabi bago ang aksidente nito ay nag-away sila. Pinipigilan niya itong pumunta ng Maynila dahil alam niyang mga babae ang makakasama nito roon. Wala man siyang karapatan ay nasasaktan siya sa nangyayari. Nauwi sa mainitang argumento ang pag-uusap nila. Umiiyak siya sa magkahalong galit at sakit.

Nagbaba ng boses si Jake nang makitang umiiyak na siya. Akala niya, yayakapin siya nito at sasabihing lumalim na kahit paano ang damdamin nito para sa kanya. Subalit iba ang narinig niya mula rito.

“I’m sorry, Lucy,” he said in a low voice. *“Wala sa usapan natin ang ganito. Sa ginagawa mo, I guess we need to end this...”* Tahimik itong lumabas ng bahay niya. Kuyom na kuyom niya ang mga kamay nang magsimula siyang humagulhol.

Awa sa sarili, pagmamahal at galit kay Jake ang sabay-sabay niyang naramdaman sa dibdib. Siguro nga, tama ang ilan sa pagsasabing ‘gahibla lamang ang pagitan ng galit at pag-ibig’ dahil nang sumunod na mga araw ay natagpuan niya ang sariling nabubulagan ng galit.

Nais niyang ibalik kay Jake ang miserableng damdaming idinulot nito sa kanya. Alam niya ang kahinaan ng lalaki—ang pinakamamahal nitong kapatid na si Jamina.

Kaya si Mina ang gagamitin niya para saktan ito. Kinausap niya ang kanyang pinsan na si Erick. Ngunit nang magtagumpay siyang ilapit ang binata kay Mina, dumating naman si Van—Raze Evander Austin—ang matalik na kaibigan ni Jake na isusuko rin ang lahat para sa dalaga. Pinangalagaan nito si Mina—at umibig ang kapatid ni Jake kay Van bago pa man siya nagtagumpay sa balak niya. Ang mas masakit pa, nahulog din ang loob ni Erick kay Mina.

Noon niya lamang napagtanto na naging napakasama niya para samantalahin ang kondisyon ni Jake para makapaghiganti. Comatose noon ang binata bunga ng malalang pinsalang inabot nito matapos sumalpok sa isang truck ang kotse nito. Linggo ng madaling-araw nangyari iyon, galing sa isang party

sa Maynila si Jake. She felt sorry for that. Ilang linggo niyang dinala sa dibdib ang guilt. Hindi siya masama. Maaaring nabulagan lamang siya ng galit at nang magliwanag ang isip ay natauhan siya.

Siguro nga, tama lang na silang magpinsan ang naging talunan sa huli dahil kahit kailan ay hindi naging mabuti ang dulot ng paghihiganti.

Nagpasya siyang mag-move on na lamang—patawarin si Jake at ang sarili niya—at kalimutan ang mapait na kabanatang iyon ng buhay niya. Unti-unti niyang pinulot ang mga nawasak na piraso ng pride at puso niya. Napagtanto niyang hindi kailangang umikot ang kanyang mundo sa galit niya kay Jake. Mabibilanggo lamang siya sa miserableng pakiramdam at hindi siya makakatagpo ng katahimikan.

Magsisimula siya uli—alam niyang magagawa niya iyon nang tama kung lalayo siya sa mga alaala.

Eksakto naman, may offer na trabaho para sa kanya sa ibang bansa ang mga magulang ng kaibigan niyang si Pierre. Hindi man niya alam kung paano sisimulan ang isang bagong buhay ay nagpasya siyang sumulong. Lilipad siya patungong New Jersey.

*“Pinsan, tinatawag na ang mga pasahero.”
Napapitlag si Lucy at napatingin kay Erick na siyang*

naghatid sa kanya sa airport. Napatango siya at binitbit ang mga gamit niya. “Ingat ka r’on,” dugtong pa nito at niyakap siya.

Ngumiti siya sa pinsan. “Ang usapan natin,” paalala niya. Ang tinutukoy niya ay ang napagkasunduan nilang dalawa na walang sinumang makakaalam—kahit pa si Jake—kung nasaan siya pagkatapos niyang umalis. Gusto niyang iwan ang lahat sa Pilipinas—ang sakit... at ang pag-ibig.

Ipinangako niya sa sariling babalik lamang siya sa bansa kapag nagbalik na siya sa kanyang dating sarili—the cheerful and optimistic woman that she was...

Tumango si Erick at masuyong tinapik ang pisngi niya. “Be happy.”

She smiled. “I will...”

1

A few years later...

Ilang segundong nawalan ng sasabihin si Lucy matapos niyang pagmasdan ang larawan ng painting na naka-print sa bond paper na iniabot sa kanya ng kapatid ni Pierre. Si Marla ay isang art enthusiast, nagtatrabaho bilang researcher sa isang television program at part-time writer.

“Please?”

Napamaang na siyang lalo sa dalaga. Ang ipinapakiusap nito ay gumawa siya ng research tungkol sa painting na may ‘myth’ daw. Ayon sa myth, sabi pa nito, ang sinumang magsing-irog na magkasamang tinunghayan ang painting na iyon at sabay na bumuo ng isang wish ay matutupad. Nabasa raw nito iyon sa isang artist website.

Nagsaliksik ang babae at natuklasan nitong ilang Asian artists na ang gumuhit ng bagong larawan na inspired ng painting na iyon. Pero ang pinakamatanda at orihinal na kopya ay nasa isang local museum sa San Rafael—kaya nakikiusap sa kanya ang babae na gumawa ng maikling research tungkol doon habang

nasa bakasyon siya sa bayan. Kuhanan na rin daw niya iyon ng larawan.

Babalik kasi siya ng Pilipinas para makipagdiwang sa silver anniversary ng Tiya Julia at Tiyo Hernani niya, mga magulang ni Erick. Kasama niya ang baby boy niyang si JB na ngayon ay limang taong gulang na.

“Yes na?” Kumikislap pa ang mga mata ni Marla. Alam nitong mabait siya at hindi niya tinatanggi ang sinumang humihingi ng pabor basta kaya niya.

Napabuntong-hininga si Lucy. Isang buwan ang bakasyon niya sa Pilipinas kaya kayang-kaya niyang gawin ang pakiusap nito. Ang problema, may mga alaalang gigisingin sa kanya ang painting—iyon sana ang ayaw niyang balikan pa.

Isang batis ang nasa larawan at may magkasintahan na nakaupo sa isang bato—nakahilig sa balikat ng lalaki ang babae at nakatingin sa tubig ang mga ito. Sa likuran ng dalawa ay dalawa ring fairies na nagmamasid. Ang isa ay nasa tubig at gumagamit ng mahika. Ang isa naman ay malayang lumilipad.

“The view that speaks of tranquility,” usal ni Lucy habang titig na titig siya sa painting. “Kung bibigyan ako ng chance na mamili kung sino ako sa dalawang

fairies na iyan? Pipiliin ko ito.” At itinuro niya ang lumilipad na fairy.

“Why?” Si Jake na natukso lang yatang titigan ang painting dahil sa nakita nitong interes niya roon.

“Dahil gusto kong lumipad nang napakataas, Jake. Abutin ang paborito kong bituin na naroon sa pinakamalayong bahagi ng kalawakan. ’Tapos, gamit ang mga pakpak ko, babalik rin ako sa lugar na pinanggalingan ko. Lugar na babalikan ko kahit ano’ng mangyari. Alam mo ba kung ano ang pinakaespesyal sa paglalakbay kong iyon bilang fairy?”

“No idea.”

“Ang pag-abot sa bituin at ang pagbabalik sa paborito kong lugar.”

“You’re talking in metaphors, Lucy.”

“Ang bituin at ang lugar na sinasabi ko ay ikaw, Jake.”

“Huh?”

“Hindi kita tuluyang maaangkin bilang akin, tulad ng bituin. At ang paborito kong lugar? Dito ’yon...” Lumapit siya at nagpakulong sa mga bisig nito. “Dito sa yakap mo....”

Marahas niyang ipinilig ang ulo niya. Hindi niya akalain na ganoon pa rin kalinaw sa isip niya ang mga alaala. Hindi tama. Halos anim na taon na ang lumipas mula nang iwan niya ang San Rafael. Dapat ay burado na iyon sa isip at puso niya.

May bago na siyang buhay ngayon kasama ang anak niyang si JB at ang nobyo niyang si Pierre—ang lalaking nanatili sa tabi niya noong mga panahong kailangang-kailangan niya ng taong sasandalan para magawa niyang ituloy ang buhay.

Si Pierre ang kaibigan niyang tumulong sa kanya para mapadali ang lahat habang nasa New Jersey siya. Doon na nakatira ang buong pamilya nito. They were friends for years. Noong isang taon lamang sila naging magkasintahan—kinausap siya nito nang masinsinan pagkabalik nila ng New Jersey matapos ang ilang araw na bakasyon nila sa Pilipinas. Sinabi nitong pareho naman silang may baon na sugat mula sa nakaraan, bakit hindi nila subukan na maging sila? Baka raw ang isa't isa lang ang kailangan nila.

Pumayag siya.

“Pini-pressure mo naman masyado si Luz, Marla,” ani Pierre mula sa likuran nila. Karga-karga nito si JB. Kadarating lamang ng mga ito mula sa pag-jogging. Lumapit ito at magaan siyang hinagkan sa

labi matapos ilapag ang bata na nagtatakbo na sa loob ng kabahayan. “Let her decide. Baka marami siyang nakalinyang activities sa Pilipinas, isisingit mo pa ‘yan. Baka matuloy rin ang ilang araw kong vacation after a few months, ako na lang—”

“Kuya, I need the info ASAP. Ang tagal nang pending ng isinusulat kong book, kailangan kong makausad.” Para sa librong tinatapos nito ang research na ipinapakiusap sa kanya. “Kung hindi lang talaga hectic ang schedule ko this month sa network—”

“Sige, Marla, ako na’ng bahala.”

Bigla itong bumaling kay Lucy, niyakap siya at pinaghahalikan siya sa tuwa. Natawa na lamang siya.

“Thanks! Thanks!”

“You two, ready?” Nakangiting mukha ni Pierre ang sumungaw sa pinto ng silid nilang mag-ina. Kinabukasan na iyon. Kaagad tumakbo palapit dito si JB matapos niyang itali ang sintas ng rubber shoes nito.

“I’m ready, Daddy Pierre!” galak na galak na sabi ng bata. Masiglang tumawa ang binata, sinalubong

ng yapos ang paslit at kinarga.

“Excited kang umuwi na naman sa Pilipinas, Son?”

“Yes!” sagot nito. Napangiti si Lucy habang pinagmamasdan ang dalawa. Natagpuan ni JB kay Pierre ang amang hindi niya kayang ibigay rito. At ang binata naman ay natagpuan sa musmos ang isang anak—anak na nawala na rito bago pa man nito nagawang iparamdam sa bata kung paano ito maging ama. Namatay nang sabay sa isang car accident ang mag-ina nito.

Naalala niyang miserableng Pierre ang inabutan niya sa New Jersey anim na taon na halos ang lumipas. Wala na itong ginawa kundi magmukmok at uminom. Pinabayaan nito ang sarili at lagi na ay larawan ng yumaong mag-ina nito ang yakap-yakap. Kaya pala siya tinawagan ng ina nito—dahil hindi na ginagawa ni Pierre ang tungkulin nito sa negosyo ng pamilya.

Graduate din ng Marketing ang lalaki, magkaklase sila sa isang universidad sa Pilipinas. At dahil kilala siya ng parents nito at madalas ay nasa bahay siya ng mga ito, bago nag-migrate sa New Jersey ang pamilya ay siya ang naisip ng mama nito na kapalit ni Pierre. Qualified siya sa posisyon at pinagkakatiwalaan pa

siya ng mga ito.

Dinamayan niya ang kaibigan sa lahat ng pagkakataong pinapatay ito ng pangungulila. Dumaan ang mga araw, nagsimulang mag-open up ng pains si Pierre. Siya ang naging tagasalo ng sakit na pinagdadaanan nito.

Then she found out she was pregnant—with Jake's child. Siya naman ang naging miserable. At ang dating Pierre na halos patayin na ang sarili ay nagbagong anyo dahil sa kalagayan niya. Siguro ay mas naawa ito sa kanya kaysa sa sarili. Hindi na ito nagmukmok at nagpapakalasing. Inayos na nito ang sarili. Bumalik na rin ito sa kompanya at naging magkatuwang sila. Marketing manager ito at siya naman ay assistant nito sa puwesto.

Doon naniwala si Lucy na talagang may dahilan lahat ng nangyayari sa bawat tao. Siguro, dinala siya ng kapalaran sa New Jersey para sa kaibigan niya, para magawa nitong magpatuloy sa buhay pagkatapos ng napakabigat na dagok. At si Pierre naman, para maging sandalan at lakas niya sa maselang kondisyon niya noon.

Iniwasan na niyang makibalita ng tungkol sa San Rafael sa mga taon na namamalagi na siya sa New Jersey. Gusto niyang lubusang makalimot. Kahit kay

Erick ay inilihim niya ang kanyang pagbubuntis dahil alam niyang susugurin nito si Jake—hindi niya nais ng atensyong ibibigay ng huli dahil sa awa o dahil sa obligasyon.

Labis ang pasalamat ng mga magulang ni Pierre sa pagdating niya dahil sa epekto niyon sa kanyang kaibigan. Tuluyan nang nakabangon ang lalaki; siguro, ang pag-aalala sa kanilang mag-ina ang nagsilbing lakas nito. Kilalang-kilala niya ang kaibigan, magagawa nitong pabayaang lahat, pero hindi siya.

“Wala akong kakapitan dito kundi ikaw, Pierre. Be strong for me, please...” pagsamo niya rito. Gabi iyon matapos kumpirmahin ng ob-gyne na buntis siya. Nasa silid noon ang lalaki at nagmumukmok habang paulit-ulit na pinanonood ang video nito at ng yumao nitong mag-ina na kuha sa isang outing. Umiiyak ito nang gabing iyon.

Ilang sandaling hindi ito umimik. Nang magsunod-sunod na ang mga hikbi niya ay tila hindi nito natiis iyon. Umusod ito at inabot siya. Mahigpit siyang niyakap.

“Buntis ako, Pierre. Buntis ako at mag-isa...” paulit-ulit niyang bulong kahit alam na nito iyon. Unang sintomas pa lang ng pagdadalang-tao niya ay

nahalata na ni Pierre kaya ito nag-insist na dalhin siya sa doctor. Alam nito ang kuwento ng buhay niya dahil hindi naputol ang komunikasyon nila.

And he was with her when the doctor confirmed the news. Napaiyak siya sa halip na matuwa. Hinagod-hagod nito ang likod niya. Umiiyak siya hanggang nasa kotse na sila. Nagtuloy ito sa sariling silid. May kutob siyang dahil sa natuklasang kondisyon niya kaya naalala ng kaibigan ang mag-ina nito.

“Shh... shh...” anito. “Tama na. Ako’ng bahala sa ‘yo, Luz. “I won’t let you face this trial alone.” Hinagod nito ang likod niya.

Ibang Pierre na ang nagsinan niya kinabukasan. May sigla na, nakangiti na, matatag na.

At sa siyam na buwang lumipas, ito ang naging karamay niya sa lahat ng pagkakataon. At nang isilang niya ang kanyang anak, ito ang gumanap na ama ng sanggol. Tinulungan siya nito sa mga gastusin, tinulungan siya sa lahat. At nakita niyang maging ang mga magulang nito ay tila nakita kay JB ang yumaong apo ng mga ito.

Nagbalik ang sigla ng lahat at si JB ang naging sentro ng atensyon. Lumaking bibo ang anak niya.

Ipinagpaalam ni Pierre sa kanya na magpapatawag

Isang Kahapon, Isang Ikaw - Aira Felicity

daw itong 'Daddy Pierre' kay JB. Hindi siya tumutol. Nang umalis siya ng Pilipinas ay kasabay na niyang isinuko ang pag-asang magkakasama pa sila ni Jake sa hinaharap.

Naiintindihan niya kung bakit ginagawa iyon ni Pierre. He missed his son.

“O, si Mommy, ready na rin?” baling nito sa kanya. Ngumiti siya at nagpaubaya nang lumapit ito, kinabig ang baywang niya at hinagkan siya sa ulo.

“Ready na,” she said simply and hugged him back.

“Sa airport na tayo!” masiglang pagtatapos ni Pierre.

2

Mula sa glass wall ng kanyang opisina ay nakatanaw si Jake sa kawalan. Hindi siya makapaniwala sa ibinalita ng kanyang staff—kasama sa mga darating na bisita sa selebrasyon ng mga magulang ni Erick ang babaeng matagal na panahon niyang hinintay na magbalik...

“Joey, wait, ang yogurt pala ni Mina,” aniya kay Josephine, ang prinsesa ng La Vinta Island na bisita niya ngayon dahil broken-hearted ito.

Si Zean, ang blue-eyed right-hand ng ama nitong si Joseph ang nagpapatibok ng puso ni Joey, pero ilang ulit na raw itong ni-reject ng bodyguard nito. At ngayon, basta na lamang naglaho si Zean at maging si Joseph ay hindi na ito mahanap. Kaya heto si Joey, nagpapahilom ng sugatang puso sa San Rafael. Pinapatay raw ito ng kalungkutan sa La Vinta Island kaya naisipang sa San Rafael na lamang magbakasyon habang nasa biyahe ang ama nito. Tiyempo namang nasa Pilipinas din ang mag-asawang Van at Mina. Nalilibang ang dalaga kahit paano. At ngayon nga, isinama niya ito sa supermarket ng bayan para libangin.

Pagpihit niya para kumuha ng yogurt ay may

batang bumangga sa mga hita niya.

“Oops! Sorry, Kid.” Kaagad niya itong naagapan para alalayan. Nag-angat ng tingin ang bata sa kanya. Hindi niya alam kung bakit sumikdo ang kanyang dibdib nang magtama ang mga mata nila. Parang may kung ano rito na nagpakabog ng dibdib niya.

Ngumiti ito sa kanya.

“I want Yakult po,” anito, sabay turo sa tinutukoy. Naaaliw na pinagmasdan din ni Joey ang bata. Kinarga niya ito.

“Yakult?” At ipinangkuha niya ito ng probiotic drink.

“Thank you,” sincere na usal nito at tiningnan siya sa mukha.

“You’re welcome. What’s your name?” Naaaliw talaga siya sa bata.

“JB,” sagot nito. Natutuwa siyang hindi pa rin ito kumikilos para bumaba. Parang gusto nito na karga niya lang. Siguro ay napagod ito sa kagagala sa loob ng supermarket. Nasaan kaya ang kasama nito?

“Who’s with you, Kid?” usisa niya.

“Mom and Daddy Pierre,” simpleng sagot nito.

“Mag-asawa ka na kasi, Jake,” ani Joey. Ito na ang kumuha ng yogurt na para kay Mina. “Bagay na bagay sa ’yo ang may batang karga, daddy na daddy!”

Tinawanan niya ang biro nito. “Yeah?”

“Yeah—”

“JB?” Lumitaw ang isang malaking bulto ng lalaki di-kalayuan sa kanila. Halata sa anyo nito na ilang minuto nang naghahanap dahil nag-aalala ang mukha nito.

“Daddy Pierre,” the child said in recognition. Saka lamang ito kumilos at nagpababa sa kanya. Nagtama ang mga mata nila ng lalaki. Hindi niya alam kung bakit ilang segundo siya nitong tinitigan.

“Yakult,” ani JB na itinaas pa ang tinutukoy na inumin. Nilingon siya nito. “He got the Yakult for me.” Napangiti si Jake.

“Thanks,” anang lalaki sa kanya, pormal ang anyo nito.

“Pierre! Nakita mo na si JB—” Nagtama ang mga mata nila ng babaeng bagong dating. Awtomatiko ang paghinto nito sa pagsasalita samantalang tumigil naman ang pag-inog ng mundo para sa kanya, katulad ng pagtigil din ng pintig ng puso niya.

Base sa report ng imbestigador na inupahan niyang hanapin si Lucy noon, nakaalis na ng bansa ang babae. He knew she was in the States. Hindi iilang beses na naisip niyang suyurin ang bansang kinaroroonan nito, pero sa huli ay nagpasya siyang ibigay na lang dito ang katahimikang nais nito. Nagkasya na lamang siyang hintayin ang pagbabalik nito. Pinanghawakan niya sa kanyang puso ang pag-asang darating ang isang araw na magkikita silang muli.

At ngayon na ang araw na iyon. Nasa harapan niya ang babaeng pinakahihintay niyang magbalik. Nasa harapan niya ito ngayon, kasama ang asawa at anak.

He felt the world had ended that very moment.

“Lucy...” mahinang sabi ni Jake matapos niyang ipilig ang ulo para ibalik sa kasalukuyan ang isip niya. The scene happened just last year.

*Kaagad niyang sinadya si Erick sa bahay nito— ang dating bahay ni Lucy noong nagtatrabaho pa ito sa *J & J Bakery and Café* niya, pero wala roon ang pakay. Alam niyang itinatago lamang ito ni Erick, pero wala siyang magawa.*

Sinikap niyang hanapin ito sa mga hotels sa San Rafael. At nang matagpuan niya, paalis na ito ng

bansa kasama ang mag-ama nito.

Hindi niya napigilan ang pangigingilid ng luha nang tinatanaw niya ang mga ito na palabas ng hotel habang nagtatawanan—larawan ng isang masayang pamilya. And when the man hugged her possessively, his heart died.

Sumubsob siya sa manibela at itinuloy niya ang miserableng pagluha.

It was too late. Pagsisihan man niya ang lahat ng mga ginawa niya—ang pananakit niya sa damdamin nito at ang pambabale-wala niya sa pagmamahal nito ay huli na. Huli na nang matuklasan niyang mahal niya pala ang babae—lumayo na ito. And now, Lucy was happy with someone else.

Mariin siyang pumikit. Mga alaala nila nang magkasama ang nakita niya sa diwa. Akala niya, sapat ang mga taong lumipas para makalimutan niya ang lahat. Hindi pala.

At ngayon, muling nagbabalik sa Pilipinas si Lucy. Natitiyak niyang mabubuhay ulit ang matinding hapdi ng sugat na nasa dibdib niya pa rin hanggang ngayon.

“Jake?” Wala sa sariling nilingon niya ang tumawag. Si Riah, ang artist na kaibigan ni Van.

Matagal nang umamin ang babae tungkol sa damdamin nito sa kanya at tinapat niya na rin na may babae siyang iniingatan sa kanyang puso, pero ayaw pa rin nitong sumuko. Nangyari iyon may dalawang taon na ang lumipas.

Pero ngayon, mabuting magkaibigan na lamang sila.

“Have you heard the news?” tanong nito. Bumuntong-hininga siya bilang tugon. Alam niyang nakuha na nito ang mensahe ng pananahimik niya.

Kung sana ganoon kadaling burahin sa puso ang pag-ibig, anang isip niya matapos ibalik ang titig sa kawalan.

“Ayaw mo naman kasing maging tayo na lang,” sa magaang tono ay sabi ni Riah. It was half meant, he knew. Ipinihit nito ang kinauupuan niyang swivel chair paharap dito. “Yakapin mo na ako para gumaan ang pakiramdam mo, free of charge, don’t worry.” Napangiti siya. Ito na ang kusang nagpakulong sa mga bisig niya.

“Masuwerte ka, Jake, sa ’yo lang ako nagpapakamartyr!” turan nito habang hinahagod ang likod niya.

“Thank you for being a good friend, Ri.”

“Good friend ka diyan, pinapantasya kaya kita nang hubad!” Napahalakhak siya sa sagot nito. Salamat sa presence ni Riah, kahit paano ay gumagaan ang dibdib niya.

“JB!” pasigaw ng pagtawag ni Erick, hindi pa man sila ganap na nakakalapit dito. Ang pinsan niya ang sumalubong sa kanila sa *NAIA*. Sorpresa ang pagbabalik-Pilipinas niya kaya walang kaide-ideya ang mga magulang nito na darating sila.

Nineteen siya nang maulila sa mga magulang at ang pamilya na ni Erick ang naging pamilya niya. Naglagi na siya sa poder ng mga tiyo at tiya at ang mga ito na rin ang nagsumikap na tustusan ang pag-aaral niya. Working student din siya nang mga panahong iyon.

At nang makapagtrabaho na siya ay sinuportahan naman niya ang pag-aaral ni Erick—na tulad niya ay mas piniling maging working student din para raw hindi siya masyadong mabigatan lalo na at halos siya na rin ang sumusuporta sa buong pamilya dahil nagretiro ng ama nito sa trabaho.

Pina-renovate niya ang bahay na naipundar niya sa San Rafael noong nasa New Jersey na siya. Doon

na lumipat ang buong pamilya. Iyon na ang bago nilang tahanan at doon gaganapin ang anibersaryo nina Tiyo Hernani at Tiya Julia niya.

“Tito!” Kaagad nagpakarga si JB kay Erick. Pinupog ito ng halik ng binata.

“Musta, Pinsan?” baling nito sa kanya mayamaya. Naglalakad na sila patungo sa nirentahan nitong van.

“Heto, artistahin pa rin ako,” birong sagot niya. Ayaw niya ng mga seryosong usapan tungkol sa kanyang sarili kaya paiwas lagi ang sagot niya.

Noong isang taon ay nagulantang ang mga kamag-anak nang umuwi siya kasama si JB. Kilala rin ni Erick si Pierre kaya hindi na ito nagulat. Pero ang presence ng anak niya ang talagang ikinagulat ng mga ito. Ipinagpapasalamat niyang hindi na nag-usisa ang pamilya kung sino ang tunay na ama ng bata. Mukhang inisip ng mga tiyo at tiya niya na si Pierre iyon. Si Erick ay nakatitiyak siyang nagdududa pero mas piniling hindi umimik.

Para na silang magkapatid kaya madali na para sa kanya na mabasa ang kilos nito, ganoon din ito sa kanya.

“Ikaw, may new girl ka na?”

“Di pa rin ako maka-move on,” magaan na sagot nito. “Totoo yata talaga ang cliché na ‘first love never dies’.”

Nagkatawanan sila.

Si Mina ang tinutukoy nitong first love. Minahal talaga ng pinsan niya ang kapatid ni Jake. Pero si Van ang mahal ng babae at gagawin ng artist na iyon ang kahit ano para kay Mina. Nabalitaan niya kay Erick na ikinasal ang dalawa mismo nang taong umalis siya ng Pilipinas.

Itinakda yata talaga silang magpinsan para masaktan ng magkapatid na iyon.

“Hindi mo ba itatanong kung sino ang recent girl ni Jake ngayon?” anito mayamaya. Noong isang taon ay si Joey dahil aksidente pa silang nagkita-kita noon sa supermarket. Kinarga pa nga ni Jake si JB—napabuntong-hininga siya nang maalala niya ang eksenang iyon.

Kaagad niyang niyaya si Pierre na umalis na sila sa lugar.

Ibinalita sa kanya ni Erick na nagpunta si Jake sa bahay at hinahanap siya pero itinago siya nito—nasa out-of-town na sila noon ni Pierre. Hindi sila naglagi sa San Rafael dahil gusto nitong ilibot si JB

sa bansa at na-miss dinnito ang Pilipinas. Dalawang araw silang namasyal. Bumalik lamang sila sa San Rafael nang araw na naka-book na rin ang flight nila pabalik ng New Jersey.

Kaya walang oras para sa mahabang balitaan. JB was four years old then.

“Wala na sila ng *La Vinta* princess?” Kilala si Josephine sa ganoong taguri dahil nag-iisang anak ito ng business tycoon na may-ari ng isla.

“Ikinasal na si Joey last year, Luz. Kay Zean, ‘yong blue-eyed na kanang-kamay ni Joseph Villacruz. Ang guest ngayon ni Jake, tsinitang artist na kaibigan ni Van.”

“Ah. Sina Van at Mina, hindi pa ba nagbalik-Pilipinas?” Natatandaan niyang nasa San Rafael din ang dalawa noong isang taon.

“Hindi pa, eh.”

“Miss mo na si Mina?” dagdag na tukso niya.

“Naisip ko na nga na magpa-heart transplant, Luz.” Tinawanan niya ito.

“Di transplant ang kailangan mo,” turan niya. “Bagong babae. Malay mo, matagpuan mo na ang new love na kailangan mo.”

“Tulad ng ginawa mo?”

Pinili niyang hindi sagutin ang tanong nito. Ngumiti lang siya.

“Are you really over Jake, Luz?” tila nagdududang baling uli ni Erick sa kanya.

“Of course! May Pierre na ako.” Subalit tila may bahagi ng dibdib niya ang hindi ganap na sang-ayon doon. Itinaboy niya kaagad ang pakiramdam na iyon. *I’m over him*, pagdidiin pa niya sa sarili.

3

Jake sighed. Hindi niya napigilan ang paglalakbay ng isip niya sa nakaraan habang nakatanaw siya sa bahay na paulit-ulit niyang binabalikan noon, ang bahay ni Lucy.

Eksena nilang tatlo nina Erick at Mina sa private office niya sa café ang naalala niya...

“Nasaan ang pinsan mo?” maawtoridad niyang tanong kay Erick. Ipinatawag niya ito para umakyat sa opisina niya ilang minuto matapos niyang mabasa ang resignation letter ni Lucy.

Hindi nakaligtas sa kanya ang paniningkit ng mga mata nito habang nakikipagsukatan ng tingin sa kanya. Mayamaya ay nang-uuyam ang ngiting pumunit sa mga labi nito.

“Nag-resign na siya, Sir, hindi ba? Bakit n’yo pa siya hinahanap?”

Nagdilim ang anyo niya, naikuyom niya ang kamay. Naghahalo ang galit at sakit sa kanyang dibdib na lalong nagpabigat sa pakiramdam niya.

“Where is she?” mas mariing tanong niya na nag-

igtingan na ang ugat sa mukha.

“Bakit ko sasabihin?” ani Erick “Kapag ginawa ko ‘yon, Sir,” sarkastiko na ang pagbigkas nito ng ‘Sir’, “para na rin kitang pinayagang pagsamantalahan ang kahinaan niya—ang pagmamahal niya, para paulit-ulit mo siyang magamit!”

“Damn you!” marahas niyang sigaw na sinagot nito ng malutong din na mura. Tulad niya ay tumaas-bumaba rin ang dibdib ng empleyado niya. Nababasa niya ang purong galit sa mga mata nito.

Naharang ni Mina ang sana ay pagsugod niya rito.

“Ipagpasalamat mong mahal ko ang kapatid mo, Sir,” huling turan nito bago marahas na isinalya pasara ang pinto.

Kumawala si Jake mula sa yakap ng kapatid. Marahas na dumapo sa dingding ang kamao niya. Bahagyang nauga ang painting na naroon.

Matagal na niyang nalaman mula kay Mina ang paghihiganti sa kanya na pinlano ni Lucy. Si Erick ang ginamit nito. Pero sa halip na si Mina ang mahulog ang loob sa lalaki, si Erick ang na-in love sa kapatid niya. Si Van, ang kaibigan niyang artist na nagbalik sa Pilipinas nang ma-comatose siya ang nag-alaga kay Mina, at minahal ito ng kapatid niya.

“Where are you, Lucy?” paulit-ulit niyang sabi nang silang dalawa na lamang ni Mina ang nasa silid. “Where are you, dammit!” Nang sumunod na mga sandali ay natagpuan niya ang sariling miserableng nakaupo sa sahig habang paulit-ulit na hinahagod ang batok niya.

“That’s love bug, Kuya Jake.” Bigla siyang bumaling kay Mina. Napapangiti ito habang hinahagod siya nito ng tingin. Mayamaya ay naglakad na ito patungo sa pinto. “That’s what we call bad consequence, Big Bro. You played and played, you hurt feelings, now you have to pay the price.” Ang pambababae niya ang tinutukoy nito. He was never serious to any woman. Pulos short-lived affairs lang ang namagitan sa kanila ng mga babaeng dumaan sa buhay niya. Wala sa vocabulary niya ang salitang ‘commitment’, tulad din ni Van bago ito umibig sa kapatid niya.

Muling nagsalita ang babae. “Ang pinakamahirap hanapin ay ang isang taong ayaw magpakita, Kuya Jake. What will you do now? Dahil kapatid kita at mahal kita, sasabihin ko ito nang derecho sa mukha mo: nasasaktan ka ba ngayong wala na si Lucy? Well, you deserve it, Brother—para matutunan mo ang lesson.”

“Get out Jamina!”

“You love her, don’t you?” Nakangiti pa si Mina nang isara nito pinto paglabas ng opisina niya. Naihilamos niya sa mukha ang kanyang mga palad.

“Hell, yes!” bulalas niya kahit wala na siyang kasama sa silid. “I love her. I love her and now she’s gone... she left me....”

Naputol ang mga eksena sa isip ni Jake dahil sa busina ng mga sasakyan. Sumandal siya sa backrest at mariing ipinikit ang mga mata.

Mayamaya ay pinagagalitan na niya ang sarili dahil hindi pa rin niya mapilit ang sariling umalis sa lugar.

Naroon siya sa loob ng kotse niya na nakahilera sa ilang jeeps at tricycles na nakagarahe sa labas ng bahay ni Erick. Maybe, he was crazy—dahil nandito siya para makita si Lucy, kahit matanaw niya lang ito ay okay na sa kanya.

Kahit paano ay nagalak siya sa nabalitaan na hindi pala nito kasama ang asawa kundi ang anak lamang. Ibig sabihin, wala siyang damdaming isasaalang-alang na masasaktan. Ang balak niya talaga, ngayong nasa Pilipinas muli si Lucy ay makipaglapit dito—kahit magkaibigan lang sila. Gusto niyang humingi ng tawad kahit alam niyang hindi na interesado roon

ang babae.

Nabanggit niya kina Mina at Van ang tungkol doon. Nag-alala ang kapatid niyang baka raw kung ano ang gawin niya na maging ugat pa para masaktan siya ng mga taong malapit sa dating sekretarya—lalo na si Erick na alam niyang mabigat pa rin ang loob sa kanya hanggang ngayon.

Saksi ang kanyang kapatid at bayaw nang gumuho ang mundo niya noong isang taon matapos niyang makita si Lucy kasama ang mag-ama nito.

And now, she was back again. At heto naman siya, desperado pa rin na matanaw kahit dulo lang ng buhok nito. Hindi niya sisirain ang pamilya nito. Hindi lang talaga niya mapigilan ang sarili—na kung hindi man makausap ito at matanaw lamang niya ay ayos na sa kanya. Maybe he was really insane—no, madly in love to the woman he hurt many years ago.

Tahimik niyang pinagmasdan ang nangyayari sa bahay. Mukhang nagsimula na ang kasayahan. May naririnig na siyang tugtugin at labas-masok na ang mga tao.

Nilibang na lamang niya ang sarili sa pagtingin sa mga lobo na mukhang pinalipad mula sa loob.

Nang ibalik niya ang tingin sa kalsada ay

napakunot-noo siya matapos makita ang pamilyar ang anyo ng batang lumabas mula sa nakabukas na gate. Tangan nito ang tali ng isang pink balloon, nilalaro-laro nito ang lobo sa hangin.

Si JB!

Naaliw siya sa pagmamasid sa bata. Pero sinakop siya ng pag-aalala nang makita niyang tila wala sa loob itong tatawid sa kalsada—na kasalukuyang maraming sasakyan!

Mabilis siyang nakababa mula sa kotse niya at tinakbo ang kinaroroonan nito. Salamat sa mabilis niyang pagkilos at sa mga sasakyang pinagbigyan ang mabilisan niyang pagtawid, nayakap na niya ang bata bago pa ito nakarating sa gitna ng kalsada.

Hinihinal siya nang nasa tabi na sila at yakap pa rin niya ito. Ang lakas ng kabog ng dibdib niya sa pag-aalala. Kung saan galing iyon ay hindi niya alam.

“What are you doing, Kid?” nausal niya at hinanap ang mga mata nito. Kumurap-kurap si JB. Gulat ang nabasa niya sa inosente nitong mga mata. Dahil iyon sa ginawa niyang biglang pagsaklit dito kanina.

Napapakurap-kurap ito na para bang kinikilala siya. Hindi niya alam kung bakit may nararamdaman

siyang warmth habang hinahagod nito ng tingin ang kanyang mukha. Hindi pa rin ito dumidistansya sa kanya, nanatiling nakapatong sa magkabilang balikat niya ang mga munting braso nito.

“Remember the *Yakult* last year?” Kumurap-kurap ang mga mata nito. “We met last year, Kid.” Hindi niya kayang ipaliwanag ang naramdaman niya nang unti-unti itong ngumiti na para bang natandaan na siya.

Ginulo niya ang buhok nito. “Next time, titingin ka sa paligid, JB, okay? Maraming sasakyan, look!” At dumistansya siya. Itinuro niya ang kalsada. “Those car will hit you and...” Dinala niya ang dulo ng mga daliri sa tapat ng leeg niya at pinadaan iyon sa ere.

“—and I’m dead?” napapakurap-kurap pa ring dugtong nito.

He laughed. JB was a smart kid. “Yes. But now you’re safe. Superman just saved you,”

“Superman?”

“I’m Superman,” turan niya. Bumungisngis ito. “You know my name?”

“Clark Kent?” anito at kumislap ang mga mata. Napalakas ang tawa niya. He was amused.

“No. It’s Jake, Kid. Superman’s name is Jake. Remember that, okay?”

Napahagikgik ang paslit. Hindi niya napigilan ang sariling yakapin uli ito.

“JB!” narinig niyang tawag ng nag-aalalang tinig mula sa loob. Kaagad niyang nakilala ang boses ni Lucy. Marahan ang ginawa niyang paglingon, si JB ay nakapatong pa rin sa balikat niya ang isang braso nito.

“Mommy!” ganting tawag ng bata pero hindi lumayo sa kanya. Kasunod ni Lucy si Erick na kaagad nabura ang maaliwalas na anyo nang makita siya.

“Next time, be careful, okay?” bilin pa niya sa musmos bago siya kaswal na dumistansya rito.

“Thanks, Jake!” anito na para bang magkaedad lamang sila. Napangiti siya at kinindatan ito. Habang palayo siya ay naulinigan pa niya ang pag-uusap ng mga ito. Sinadya niyang bagalan ang mga hakbang.

“JB, ang sabi ko huwag kang lalayo, di ba?”

“Sorry, Mommy,” anang bata. “Don’t be mad. I’m safe. Superman saved me from those cars.” Narinig pa niya ang pagsinghap ni Lucy. Lihim siyang napangiti sa sagot ng bata.

“Superman?” boses ni Erick.

“Jake!” malakas na sagot ni JB at narinig niyang tumawa ito. Napangiti siya. Nakakatuwa talaga ang anak ni Lucy.

“Jake?” boses ng babae ang narinig niyang tumawag. Huminto siya sa paghakbang pero ilang segundo muna ang pinalipas niya bago siya lumingon. Kinailangan niyang ikondisyon muna ang kanyang sarili dahil wala siyang naiisip gawin nang mga sandaling iyon kundi yakapin ito nang mahigpit.

Paglingon niya ay nagtama ang kanilang mga mata. Huminto ang pag-ikot ng kanyang mundo at ang nakita na lamang niya sa isip ay ang mga alaala nila noon.

I miss you so much, Lucy...

“Thanks...” ani Lucy. Kaswal siyang tumango at dagling inilayo sa mga mata nito ang tingin.

“Huwag n’yong hahayaang mag-isa ang bata—lalo na sa ganyang may event, mapapahamak siya nang wala kayong kamalay-malay.” aniya at mabibilis ang hakbang na naglakad siya pabalik sa kotseng iniwan niya.

Malakas pa rin ang kabog sa dibdib ni Lucy kahit nasa silid na siya kasama ang anak.

Patapos na ang event kaya nauna na silang nagpaalam na aakyat na. Matapos niyang bihisan si JB dahil basa ng pawis ang damit nito ay pinaupo niya sa kama ang bata at binuksan niya ang telebisyon. Doon na natuon ang atensyon ng anak niya.

Gusto niyang manghina sa hindi niya malamang dahilan. Pagkakita pa lang niya kanina kay Jake na yakap-yakap si JB ay nag-iba na kaagad ang pakiramdam niya. At nang magtama ang mga mata nila...

Mali, Lucy. Mali ang nararamdaman mong ito...

Napapikit siya. Hinahagod niya ang kanyang dibdib nang tunguhin niya ang bintana at tumanaw siya roon. Sa kawalan natuon ang kanyang mga mata.

Kanina ay inakala niyang kabog ng pag-aalala para kay JB ang naramdaman niya. Pero ngayon ay napagtanto niyang hindi pala. Kabog na isang tao lamang ang may kakayahang pumukaw sa puso niya—si Jake Cervantes.

Pero hindi ba ay wala na siyang damdamin para rito? She had moved on. Tapos na siya sa kahibangan niya kay Jake. Ano ang ibig sabihin ng nararamdaman

niya ngayon?

Mariin siyang napapikit at paulit-ulit niyang minasahe ang kanyang batok. At nang lingunin niya ang anak ay ang eksena kanina sa labas ang nakita niya sa diwa—yakap-yakap ito ni Jake.

Ang mag-ama niya...

Napalunok na dumiin ang paghagod niya sa kanyang dibdib. Sa huli ay natagpuan niya ang sarili na tinatawagan si Pierre. Dito niya gustong ibaling ang isip niya. Gusto niyang ipaalala sa sarili na may bago ng lalaki sa buhay niya ngayon.

Kaya dapat ay wala nang puwang sa puso niya ang kahit anong damdamin para kay Jake.

Hapon kinabukasan ay tinungo ni Lucy ang museum na kinaroroonan ng painting na sadya niya. Nauna na niyang nakausap umaga pa lamang ang taong dapat niyang kausapin. Nakapag-set na rin siya ng appointment sa mismong artist na ngayon ay retirado na at nasa bahay na lamang pala, gardening na raw ang pinagkakaabalahan nito ngayon. Bukas pa ang napag-usapan nilang interview na isasagawa niya.

Ngayon ay kukuhanan niya muna ng larawan ang painting at magtatanong-tanong siya sa mga taong maabutan niya roon.

Ibinilin niya si JB sa mga tiyo at tiya niya dahil baka makabasag pa ito ng fossils o kung anuman na mahalagang bagay sa museum.

Ilang minuto lang ay ipinarada na niya ang van na naipundar niya habang nasa New Jersey siya, sa garahe ng museum.

Ilang segundo niyang pinagmasdan ang paligid. Walang nagbago liban sa bakas na iniwan ng mga taong lumipas. Luma na ang gusali...

Nagpakilala siya sa taong nasa entrance. Hiningan siya nito ng ID saka siya pinapasok. Nasa loob na raw ang taong nakausap niya kaninang umaga.

Sa mabagal na mga hakbang ay pumasok siya sa museum. Unang dalawang hakbang pa lamang ay napahinto na siya dahil tila ipinapaalala na naman ng paligid ang isang eksena nila sa pagitan ni Jake sa lugar na iyon.

Paglabas niya noon sa café ay tinanong siya nito kung may lakad siya. Sinabi niyang pupunta siya sa museum para magmasid-masid sa mga artworks.

Alam nitong dalawang bagay lamang ang ginagawa niya kapag nais niyang mag-unwind—ang magmasid sa mga lumang artworks at magtungo sa isang open space sa dulo ng isang subdibisyon sa San Rafel kung saan natatanaw ang isang malayong bundok. Masarap ang hangin doon at nakakapayapa ng kalooban ang tanawin.

Hindi niya inaasahan na magboboluntaryo ito na samahan siya sa museum nang araw na iyon—at ang mismong painting na iyon ang matagal nilang pinagmasdan nang magkasabay.

Gusto niyang isipin na pinaglalaruan siya ng pagkakataon. Dahil sa lahat ng lumang artworks, bakit ang painting na iyon pa ang naisipang ipasaliksik sa kanya ni Marla?

Itinuloy niya ang mabagal niyang mga hakbang papasok. Subalit tila siya itinulos sa kinatatayuan nang makita niya ang lalaking nakatingala at tahimik na pinagmamasdan ang painting.

Si Jake.